# ALIBADBAD NG ALÁLA, ALALÁ AT ALAALA:

## ISANG PAGNINILAY SA KAISIPAN AT PANITIKAN NG "NAUSEA" NI JEAN-PAUL SARTRE

Juan Miguel Quizon

Sa tuwing nagkakaroon ako ng lakas ng loob na tangkaing sumulat ng tula, lagi't lagi akong nauuwi sa tatlong paksa: ang konsepto ng pagitan, ang konsepto ng paningin, at ang konsepto ng alaala. Taglay ng alaala (at anumang usaping pumapaligid dito) ang kapangyarihang humulma ng kaisipan, at maraming kaisipan na rin ang humulma ng alaala. Nakakatuwang paglaruan (o tayo ba ang nilalaro nito?) at isipin ang konsepto ng alaala bìlang mga bágay na nananatili at lumilisan, pansamantala at minsa'y matagalan. Subalit may kaalaman pa rin na sa tuwing isang pangyayari ang basehan ng alaala, nariyan at nariyan ito, mistulang bisitang dumadalaw sa mga oras na kakailanganin o kahit na sa mga panahong hindi kailangan. Kadalasan, mayroong mga uri ng alaala na nais isúka ng diwa ngunit tunay bang may kakayahan ang sarili na itapon at piliin ang mga alaalang bumibisita at nananatili? Ano ang nagdidikta sa sarili upang makalimot? Nauuwi sa alalá ang ibang anyo ng alaala. Sa mga pagkakataóng dumadampi ang bagabag at dumadaplis ang kalungkutan sa tuwing may inaaalala, mistulang isang anyo na ito ng bangungot at wala tayong kapangyarihang pamahalaan ito. Paano hinuhubog ng alaala ang kaisipan natin tungkol sa iba't ibang anyo ng karanasan? Ilan lámang ito sa mga katanungan at konseptong nais kong talakayin sa aking sanaysay kasabay ang pagbabalangkas at pagdadalumat sa nobelang "Nausea" ni Jean-Paul Sartre. Ninais kong tangkaing isulat ang aking pagninilay tungkol sa kaisipan at panitikan nito gámit ang wikang Filipino sa kadahilanang gusto kong matuklasan kung ang pagdadalumat ba ng mismong kaisipan o talisikan (philosophy) na ito ay hinuhubog rin ng wika. At, may kapangyarihan bang hubugin ng wika ang isang kanluraning kaisipan upang bagtasin nito ang kultura ng mismong kaisipang humuhubog sa aking pagdadalumat?

(maaari ka bang magpasok dito sa bahaging ito ng kaunting background ng aklat, buod, at kauntng backgrpund ni Sartre?)

Ang unang sinilip ko ay ang tuwirang pagsasalin ng pamagat ng nobela. Ayon sa aking pag-aaral, ang malápit at ganap na salin ng salitáng "*nausea*" sa Filipino ay alibadbad. Ngunit ano nga ba ang tunay na kahulugan nitong kaisipan at karamdamang ito? Ang salitang "nausea" ay hango sa salitáng Griyego (ναυσίη) na ang kahulugan ay "sakit ng paggalaw" o ang "pakiramdam na may sakit." Kung tutuusin, ayon sa agham, ito ang sensasyon o pakiramdam ng pagiging hindi mapakali at kawalan ng kaginhawaan sa itaas na bahagi ng tiyan na may kahalong paghimok ng pagsusuká. Subalit kung aaralin ang konsepto ng alibadbad kasama ang ilan sa mga punto ng eksistensyalismo ni Sartre, ang unang katanungan na maaaring baybayin ng talakayan ay ito: ang alibadbad ba ay epekto o dahilan? Sa papel na ito, tatangkain kong bagtasin at talakayín ang tagpuan ng panitikan at talisikan, at kung paano nito inaalalayan at nilalabanan ng nobela: paano sinusukat ang tugmaan ng kumpas ng panitik at ang talas ng kaisipan sa lente ng eksistensyalismo kung tatalakayin ito sa pamamagitan ng alaala? Kung titignan ito sa balangkas ng musika, nakakatulong ba ang singkopadong baybay nito at sa paanong paraan ito babasahin (aawitin) nang naaayon sa pansarili at panlipunang kaisipan? Hahatiin ko ang aking pagdadalumat sa nobela sa tatlong bahagi o espasyo: espasyo ng lugar, espasyo ng panitikan, at espasyo ng kaisipan. Sa pamamagitan ng tatlong bahaging ito, tatangkain kong tahiin ang mga ideya at kung paano nito pagyayamanin at patatalasin ang pagtatambal sa dalawang asignaturang matagal nang pinagsasabong – ang pilosopiya at panitikan. Bagaman naging saksi ang kasaysayan sa pagtatálong ito, nais kong isipin na magbubunga ng mas malalim na diskurso kung tatalakayin nang sabay ang anumang usapin sa perspektibo ng dalawang asignaturang ito.

## Kinalalagyan, Kinalulugaran: Ang Pook ng Alaala at ang Alaala bilang Pook

May kakayahang maglunsad ng pagpopook ang alaala sa pamamagitan ng wika at katha. Ang alaala din ay 'pinopook' sa pamamagitan ng iba't ibang lugar na winika at kinatha. Sa bahaging ito ng sanaysay, nais kong talakayin ang dalawang punto: una, ang pagpopook ng nakaraan (ang mga karanasan ni Roquentin sa maraming lugar); at ikalawa, ang pagpopook

ng kasalukuyan (ang mga karanasan ni Roquentin sa Bouville). Sa ikatlong bahagi ay tatahiin ko ang kahalagahan ng pagpopook upang mapintasan ang kaisipan tungkol sa hinaharap: ang kamalayan ni Roquentin sa panulat ayon sa kaniyang saliksik at karanasan. Isang mahalagang punto sa nobela ay ang pagbabalik-tanaw ni Roquentin sa mga lungsod at bayan na kaniyang binisita. Sa maraming bahagi ng kaniyang talaarawan, binabanggit niya ang mga lugar na ito at nagiging angkla sa kaniyang pagbisita sa nakaraan at ang muling pagbisita ng alaala sa kaniya – mula sa Silangang Asya hanggang sa Hilagang Afrika, hanggang sa maliliit at naglalakihang mga lungsod ng Europa, binabalikán ang mga ito ni Roquentin habang tinatangka niyang sulatin ang kaniyang pananaliksik tungkol sa búhay ni Marquis de Rollebon. Kung iisipin, si Roquentin ay isang manlalakbay (adventurer) at masasabing ang kaniyang mga karanasan sa mga bagong lugar ay anyo ng kalayaan. Subalit isa itong uri ng kalayaang magbabalik at magbabalik pa rin sa katanungang malaya nga ba ako? Sa usapin ng kalayaan, sa usapin ng pagiging malaya, mahalagang usapin din ang pagiging maláy.

Masasabing maláy si Roquentin sa kaniyang mga paglalakbay at karanasan sa iba't ibang dákô ng daigdig. Mayroon siyang natatanging pribilehiyo upang maranasan ang maraming bágay sa mundo at pag-isipan ang mga ito. Sa ganitong paraan, hinulma ang kaniyang pagtingin at pag-usisa sa mundo subalit ito rin ang dahilan kung bakit sa ganoong paraan hinubog ang kaniyang mga alaala. Si Roquentin mismo ay alangan sa kaniyang mga karanasan: "Well, you can call that by any name you like, in any case, it was an event which happened to ME. I have never had adventures. Things have happened to me, events, incidents, anything you like. But no adventures" (37). Maláy si Roquentin kung alin lámang sa kaniyang mga karanasan sa ibang lugar ang masasabi niyang tunay na karanasan ng pakikipagsapalaran. Nagagawa niya ito dahil sa kaniyang kamalayan at kalayaan:

> …but from time to time, for example, when they play music in the cafés, I look back and tell myself: in old days, in London, Meknes, Tokyo, I have known great moments, I have had adventures. Now I am deprived of this. I have suddenly learned without any apparent reason, that I have been lying to myself for ten years. (37)

Paano nagiging kasinungalingan ang tunay na naging karanasan? Marahil, isa ito sa mga kinatatakutang kapangyarihan ng tao – ang malámang hindi totoo

ang mga bágay-bágay ayon sa pamantayan natin ng katotohanan. Lumilikha si Roquentin ng mga lugar ng alaala ayon sa kaniyang mga naranasan at ayon sa kaniyang nakaraan.

Mulát sa kaniyang alaala ang mga danas niya sa iba't ibang lugar:

> …I was a *grand voyageur devant l'Eternel*. Yes: The Mohamedans squat to pass water; instead of ergot, Hindu midwives use ground glass in cow dung; in Borneo when a woman has her period, she spends three days and nights on the roof of her house. In Venice, I saw burials in gondolas, Holy Week festivals in Seville, I saw the Passion Play at Oberammergau. Naturally, that's just a small sample of all I know: I could lean back in a chair and begin amusement. (68)

Itong mga karanasan ni Roquentin ay tumatak na sa kaniyang alaala, subalit para sa kaniya, ito mismong mga karanasang ito ay isang anyo ng paghihirap. Kung para kay Roquentin, ang paghihirap ay ang tunay na sukatan ng pagkabúhay dito sa mundong ibabaw, tunay nga siyang nagpakahirap at tunay nga siyang namuhay. At para sa kaniya, itong angking pagdurusa sa búhay ang natatanging pamantayan: "There's a lucky man: as soon as you perceive him, you can tell he must have suffered, that he is someone who has lived" (67). Sa puntong ito, maaaring sabihin na ang saysay ng buhay ay nakasalalay sa pagdurusa. Ginagamit na pampalubag-loob ang mga karanasang ito sa usapin ng alaala at memorya, mistulang bála sa tuwing magiging paksa ang karunungang (wisdom) taglay na nagmula sa karanasan. Pansamantalang ligaya ang hatid sa atin kapag nasasabihan táyong punung-puno ang ating mga palagay ng dunong. Hindi ligtas ang mga alaala (pati na rin ang konsepto ng alaala): "They would like to make us believe that their past is not lost, that their memories are condensed, gently transformed into Wisdom. Convenient past" (68). Pinapagana ng maginhawang karanasan ang pagbabalik at pagdadalumat sa bawat alaala. Ngunit hindi lahat ng tao ay nabiyayaan at mabibiyayaan ng magandang karanasan. Kung ipagpapatúloy ang diskursong inilatag ni Roquentin, sa tingin ko ay kailangang matagpuan ang kaginhawahan sa pagdurusa, kaginhawahan sa kalungkutan – kaginahawahan sa alibadbad na dinaramdam ng katawan, diwa, at kaluluwa.

Oras at danas ang mahahalagang sangkap sa usapin ng alaala at kaisipan. Kung isang anyo ng 'panlilinlang' ang mga nangyari at mga

pangyayari kay Roquentin, at winika niya ito mismo, saan (pook ng kaisipan at pook ng katotohanan) dadaong ang tunay na karanasan? Ayon kay Gaston Bachelard, ang espasyo sa mga katha (o mga kinathang espasyo) ay isang pagsasaliksik at pagtuklas sa dakila at tiyak na katotohanan ng isang imahe mula sa panulaan: "a *topophilia* whose principal attraction lies in its vigorous phenomenological approach to the literary imagination" (65). Kung ayon kay Roquentin, "the world of explanations and reasons is not the world of existence," patúloy pa rin ang kaniyang paniniwala na ang mga ngiti ng mga púno sa mga publikong liwasan ay may kapangyarihang itago ang tunay na pamamalagi. Ayon kay Merleau-Ponty:

> If we reflect on the mythical experience of space and if we ask ourselves what it means we will inevitably find that it rests on the consciousness of objective and unique space, for a space which is not objective and which is not unique is not a space: is it not essential that space should be the absolute "outside," correlative, but also the negation of subjectivity, and is it not essential for it to encompass all being which can be represented, since all one might wish to posit outside of it would be, by that very fact, in relation to it, and therefore within it? (333-34)

Itinatampok sa nobela ang kakaibang paghahandog ng tila kinathang lugar – isang mitikong karanasan ng (sa) espasyo kung saan pinagtatambal ang ontolohikal na penomenolohiya ni Sartre na masasabing pangkalahatan ang pamantayan. Subalit kung ang pangunahing sanggunian ng kakaniyahan ay ang karanasang mapanlinlang, marahil ay maaaring sabihing ang pagpopook ng kaisipan ni Roquentin (ang pagpopook ng kaisipan ng tao) ay hango sa pagpopook ng katotohanan na may 'di-tuwirang relasyon sa karanasan – ang lahat ay kasinungalingan sa harap ng tunay na katunayan.

Sino nga ba ang makapagsasabing tunay ang mga siyudad na binisita ni Roquentin kung siya na mismo ay maláy sa huwad na kaugalian ng kaisipan? Kung ang panitik at kaisipan ni Roquentin ang babaybayin, hindi mararating ang iisang patutunguhan ng kolektibong alaalang dinadalumat niya sa pahina ng kaniyang talaarawan. Ang pagpopook niya sa kaniyang sarili ay isang koleksyon ng mga lugar na siya mismo ang pinook – siya at ang kaniyang alaala. Gaya din ng kaniyang paglalarawan sa mga siyudad at lungsod na ito, hindi buo ang kaniyang pagkakaintindi sa mga ito, maging

ang kaniyang pagkakaintindi sa sarili. "I couldn't understand why I was in Indo-China. What was I doing there? Why was I talking to these people? Why was I dressed so oddly? My passion was dead. For years it had rolled over and submerged me; now I feel empty" (5). May ligalig sa anyo ng pagkabalisâ si Roquentin. Kung iisipin, ano ang kaniyang pangunahing dahilan kung bakit niya pipiliing pumunta sa mga lugar na iyon? May kakayahan ba ang sarili (diwa, puso, at utak) na burahin ang alaala ng mga desisyong minsang namutawi at nanaig? "They sketch vague, pleasant shapes and then are swallowed up: I forget them almost immediately" (7). Sa usapin ng pagpopook ng kaisipan hango sa mga lugar na naranasan, sa papaanong paraan nakakalimot, o pilit nililimot ng sarili ang karanasan? O ang danas ba ang lumilimot sa sarili, tila pinipigilan ang paglingon ng kasalukuyan sa bawat nagdaan? May tunay na kapangyarihan ba ang tao upang burahin ang mga bágay na ito?

Kaakibat ng usaping alaala, karanasan, at kaisipan ang nakaraang kasaysayan. Malinaw at malábô para kay Roquentin ang mga lugar na kaniyang binisita: "From what Moroccan (or Algerian or Syrian) day did this flash suddenly detach itself? I let myself flow into the past." (32) Ang nakaraan ba ay permanenteng nagiging katha sa tuwing sumasailalim ito sa matalas na pagdadalumat ng isipan? May kakayahan nga ba tayong piliin ang nakaraang naaayon lámang sa dikta at nasâ ng ating diwa samantalang ang utak at puso naman ang nagpapasya rito? Laging katambal ng alaala ang oras. Ano ang papel ng alaala sa ating pagkakaintindi sa oras? Paano kinakatawan ang oras sa pamamagitan ng alaala? Paano kinakatawan ang alaala sa pamamagitan ng oras? Ano ang mga bágay na inilulunsad sa pagitan ng dalawang kaisipang ito?

Ayon sa isang pilosopo, "the human ability self-consciously to identify personal episodes as having happened at particular past times is bound up with our unique capacities to locate events, and ourselves, in an asymmetric temporal and causal order" (Campbell 105). Sa usapin ng paglulugar, tahasang pinipili ni Roquentin at binabalasa ang kaniyang nakaraan at karanasan upang bumuo (pookin) ang sariling diwa. Masasabi ba nating kontrolado ni Roquentin ang paglulugar ng samu't saring alaala nito sa tuwing kinikilala niya ang sarili? May kasarinlan ba ang ating pansariling kasaysayan na hiwalay sa mismong karanasang pumapaligid at bumubuo dito? Paano natin pagkakatiwalaan ang pagbisita ng mga alaalang binanlawan na ng oras at karanasan?

Ang susunod na puntong mahalagang talakayin sa pagpopook ay ang mismong siyudad kung saan namalagi si Roquentin habang sinusulat ang kaniyang talaarawan at ang kaniyang pananaliksik tungkol kay Marquis de Rollebon. Habang binibisita ni Roquentin ang kaniyang mga alaala, hinuhubog din niya sa ating kamalayan ang anyo ng siyudad na kaniyang ginagalawan – ang Bouville. At habang hinuhulma sa ating kamalayan ang siyudad ng Bouville gámit ang dila ni Roquentin, hinuhubog naman ni Sartre ang ating kaisipan tungkol sa alaala gámit ang mga karanasan ni Roquentin sa nobela. Sa puntong ito, hindi maikakaila ang tuwirang (at minsa'y di-tuwirang) tambalan at pag-uusap ng pilosopiya at panitikan. Namalagi sa Bouville si Roquentin habang sinusulat ang kaniyang talaarawan, at ang kaniyang mga karanasan naman sa nakaraan ay binabalikan niya sa tuwina. Nakuha niyang pagtagpi-tagpiin ang iba't ibang karanasan niya sa loob (Bouville) at labas (ibang lugar bukod sa Bouville) upang makabuo ng kamalayang binagtas at binaybay nating mga mambabása.

Isang dekada mula nang sinimulan niya ang kaniyang paglalakbay ay minabuting bumalik ni Roquentin sa Bouville sa kadahilanang hitik sa kaaláman ang lugar na iyon patungkol sa kaniyang paksa. Nakakadagdag sa usapin ng alaala at kasaysayan ang pook na ginagalawan ni Roquentin. Ipinapahiwatig ang mismong damdamin niya sa tuwing inilalarawan ang Bouville. "I don't know how to take advantage of the occasion: I walk at random, calm and empty, under this wasted sky" (70). Kabilang ang umiiral na panahon sa Bouville sa umiiral na panahon sa diwa at panamdam ni Roquentin – kalmado, matiwasay, subalit hungkag at bakante. Isang malaking kawalan: ang nawawala at ang nagwawala. Sa usaping ito kaakibat ang kawalan ng gana ni Roquentin na mabúhay. Hindi dahil gusto niyang mamatay, subalit kadalasan na siyang binibisita ng mga katanungan ukol sa tunay na layunin ng kaniyang búhay. Para sa kaniya, nabubuhay na lámang siya dahil sa kaniyang pananaliksik. Ang kaniyang búhay ay si Marquis de Rollebon. Sa paksain na lámang naaaninagan ni Roquentin ang kaniyang adhikain: "Must not think too much about the value of History. You run the risk of being disgusted with it. Must not forget that de Rollebon now represents the only justification for my existence" (70). Ang Bouville bìlang pook ay nakakadagdag sa pakiwari at pakiramdam ni Roquentin ng kawalan – kawalan ng saysay at kawalan ng kakaniyahan. Kung tutuusin, nakasalalay na lámang sa pagpapagal ang saysay at diwa ng kaniyang pamamalágî. Subalit sino ba tayo upang sabihin kung tama ito o mali? Nakakasuklam ba

kapag inusig at tinanong natin kung may tunay na adhikain at layunin ang mamuhay?

Sa Bouville nakaramdam nang matinding pag-iisa si Roquentin. Interesanteng pagtuunan ng pansin ang detalyadong pagsasalarawan niya sa mga tao at pamayanan sa Bouville; talento niya ang bantayán ang bawat kilos at galaw ng mga paliban-liban na katauhan subalit tahasan niyang nararamdaman ang pag-iisa. "No: there was no one; the steps were cracking by themselves" (73). Para kay Roquentin, mas tatanggapin niya pa ang kaniyang pag-iisa kaysa sumampalataya na mayroon siyang ibang kapiling o kasama. Puwede kayâ na isang paraan din ng pangangatha ang kaniyang pagpopook sa Bouville – pagpopook ng kasalukuyan bìlang isang pagtatanghal ng 'kasinungalingan'? Kung mayroong kakayahan si Roquentin na ipagsawalang-bahala ang mga tunay na tao, marahil ay káya rin niyang kwestiyunin ang katotohanan ng lugar – sa kapagyarihan ng wika, may lakas siyang kumatha ng siyudad: "Today they fixed nothing at all: it seemed that their very existence was subject to doubt. Nothing seemed true; I felt surrounded by cardboard scenery which could quickly be removed" (76-77). Sa puntong ito, ang lahat ay salát sa katauhan at katunayan. Babalik at babalik sa katanungan: alin na lámang ang matitiráng totoo? Marahil ang mananatili na lang sa tao ay ang kapangyarihang mamìlî at pangunahan ang desisyon nito: "I am full of anguish: the slightest movement irks me. I can't imagine what they want with me. Yet, I must choose" (55). Nabubúhay ang tao upang mamìlî. Pinipili natin bawat araw ang desisyong mabuhay. Mismong mga bágay na ating pinapaniwalaan ay buhat sa ating puwersang mamìlî.

"A great menace weighs over the city" (80). Panganib. Walang katapusang panganib. Isa ito sa mabibigat na alalá (at alaala) ni Roquentin sa siyudad. Subalit para sa akin, ito rin ang alalá (at alaala) niya sa kaniyang sarili – ang walang humpay na panganib na lagi't laging bumabagabag sa sarili. Ang Bouville mismo at ang mga natatanging pook nito ang nagdudulot ng alibadbad kay Roquentin. Isang interesanteng bahagi ay kung saan inamin niya ito: "Instead of the slight headache I feel coming on each time I visit a museum" (88). Mayroon siyang kapangyarihang mamìlî kung papások ba siya sa isang museo o hindi. Alam niya ang epekto at dulot ng pagpások sa mga museo. Subalit gagawin at gagawin niya pa rin ito.

Magandang paksain ang konsepto ng museo: isang lugar kung saan tinitipon (at ikinukulong) ang mga bágay ng kasaysayan na itinuturing na malalim ang halaga at saysay. Sa madaling sabi, isang espasyo kung saan

nilalagay ang koleksyon ng nakaraang nilikom upang punan ang isang pampublikong lugar – koleksyon ng samu't saring bágay na naglalaman ng alaala – ang tahasang paghahayag at pahayag ng kasaysayan at (ng) memorya.

Isa sa hindi malilimutang tagpuan sa nobela ay ang mainit na talakayan nina Roquentin at ng Self-Taught Man tungkol sa konsepto ng Diyos noong panahon ng digmaan. Taimtim, matalas, at may diin ang argumento nilang dalawa. Tumatak sa isip ko ang dalawang espasyo na tinalakay ng Self-Taught Man habang mainit ang balitaktakan nila. Ayon sa Self-Taught Man: "I do not believe in God; His existence is belied by science. But, in the internment camp, I learned to believe in men" (114). Sa Bouville, sinamahan balikán ni Roquentin ang Self-Taught Man sa isang espasyo ng kaniyang nakaraan kung saan nito unang naramdaman ang paniniwala sa katauhan ng tao. Nang simulang talakayin ng Self-Taught Man ang tiyak na karanasan niya sa kampong iyon, mas lalong maaaninagan ang katuwiran niya:

> One of the first times they locked us in the shed, the crush was so great that at first I thought I was going to suffocate, then, suddenly, an overwhelming joy came over me, I almost fainted: then I felt that I loved these men like brothers, I wanted to embrace all of them. Each time I went back there I felt the same joy. The shed took on a sacred character in my eyes. (114)

Sa limitadong espasyo ng karahasan, paghihirap, at pagdurusa, doon mismo naramdaman ng Self-Taught Man ang kaniyang pagiging tao at pagiging makatao ng kaniyang kapuwa – ang pakikipagkapuwa-tao. Sa gitna ng kalungkutan at alalá, natagpuan niya ang tunay na ligaya. Babalikan ko ang unang puntong nasabi sa sanaysay na ito: marahil ay sa pagdurusa natin nadarama ang pagiging tunay na tao, ang mamuhay, at ang matutunang sa gitna ng mismong pagdurusang ito nakatanim ang ating pag-iral. Inilarawan pa nito ang kaginhawahang dulot ng tila espasyo ng karahasang iyon: "Sometimes, I managed to escape the watchfulness of my guards, I slipped into it all alone and there, in the shadow, the memory of the joys I had known, filled me with a sort of ecstasy" (114). Makapangyarihan ang alaalang ibinabalik at ang karanasang binabalikan sa usapin ng espasyo ng karahasan. Saan nanggagaling ang bugso ng damdaming ito? Sa alaala lang ba? O ang paniniwalang sa limitadong espasyo at panahong iyon, nagkaroon

ng pakikipag-isa ang lahat ng nagdurusa; na ang pagdurusa ay mistulang panganganinag ng pagkakaisa; na ang pighati ng isa ay pighati ng lahat? Matindi at lubusang kaligayahan ang dulot ng alaalang pilit binibista at dinadalaw. Mayroong lakas ang alaala upang piliin at pilitin kung ano ang nadarama ng diwa. Tila isang pagdausdos ng kapangyarihan ng utak upang sundan at sundin ito ng adhikai't kadahilanan – ang alaala ng espasyo, ang alaala sa espsayo, at ang espasyo ng alaala.

Isa pang halimbawa ng ganitong mga espasyo ng pagtitipon ng alaala (at alaala ng mga pagtitipon) ay ang Santa Misa. Ayon sa Self-Taught Man: "Monsieur, I have never been a believer. But couldn't one say that the real mystery of the Mass is the communion of souls? A French chaplain, who had only one arm, celebrated the Mass. We had a harmonium. Ah, Monsieur, how I loved those Masses. Even now, in memory of them, I sometimes go to church on Sunday morning" (115). Mahalaga para sa kaniya ang pagpopook ng katipunan. Isang mapaglarong konsepto ang katipunan: kasama sa bawat pagtitipon ay ang adhikaing punan ang isang guwang o bakanteng espasyo. Marahil, sa pagtitipon ng kamalayan ay unti-unting pinupuno o pinupunan ang mga kakulangan, pansarili man o sa pamayanan. Interesanteng bahagi sa mga winika ng Self-Taught Man ay ang konsepto ng 'communion' o pakikipag-isa. Maaari nating tignan ito bìlang pakikipag-isa kasama ang buong pamayanang may iisang mithiin o paniniwala (pananampalataya), subalit puwede rin itong tignan bìlang pakikipag-isa sa sarili – ang sariling watak, ang sariling wasák, ang sariling ligáw, at ang sariling pinalilibutan ng alála at alaala.

Kadalasan, ang pakikipag-isa sa sarili pa nga ang mas masalimuot na gampanan. Sa aking palagay, naging mahalaga sa Self-Taught Man ang tungkulin ng Santa Misa dahil bukod sa nasasaksihan nito ang pakikipag-isa kasama ang pamayanan, mas lubos niyang nararamdaman ang pakikipag-isa sa sariling diwa at kaluluwa. Kapiling ang ibang tao, posibleng tipunin ang sariling may kaisahan, punan ang sariling may mga kakulangan, kasabay ang pamayanang nagkaka-isa.

Mahalagang balikán na ang pag-uusap na ito sa pagitan ni Roquentin at ng Self-Taught Man ay naganap (mayroong kaganapan) sa Bouville. Sa orihinal na bigkas nito, ang literal na kahulugan ng Bouville (Boue-ville) ay bayan ng putik. Kung pagmamasdan ang laro sa mga salita, ginagamit natin ang putik sa antas ng talinghaga upang ilarawan ang kadalasa'y masasamang katangian. Halimbawa na lámang ay ang kaibigang-putik na ngangahulugang

hindi totoong kaibigan. Binanggit rin ito sa isa sa mga 'di-malilimutang linya ni Maricel Soriano sa pelikulang *Káya Kong Abutin Ang Langit* (1984): "Ayaw ko ng masikip, ayaw ko ng walang tubig, ayaw ko ng mabaho, ayaw ko ng walang pagkain, ayaw ko ng putik!"

Sa kulturan natin, hindi naaayon at hindi maganda ang pagkakakilanlan sa konsepto ng putik. Subalit kailangan nating alalahanin na ang putik ay isang anyo ng lupa na pinagsama ng silt, clay, at mga organikong bágay. Ang ganitong uri ng lupa ay kanais-nais para sa agrikultura dahil ang pinaghalong mga laki ng butil at mga organikong sangkap ay nagpapahintulot sa tubig na patuyuin sa pamamagitan ng sistema habang pinapayagan ang kinakailangang antas ng tubig at pagpapanatili ng nutrient sa lupa. Ang organikong bahagi ay ang susi sa pagkakakilanlan ng isang lupa tulad ng putik.

Sa nobela, ang mismong bayan ng Bouville ang naging espasyo ng linangan ng kaisipan ng mga pangunahing tauhan upang mas lalong intindihin at maintindihan ang kanilang sarili at ang mundong nakapaligid sa kanila. Tulad ng butil ng butó o binhi, kailangan ang likás na mga katangian ng putik upang tumubo at umunlad (o umusad) ito patungong kasarinlan at kabuuan. Sa pamamagitan ng mga lugar sa nakaraan at kasalukuyan, tumalab ang pagpopook ng sarili ayon sa saysay ng kasaysayang naranasan. Iniintindi ng sarili kung paano nito naiintindihan ang tinatanggap ang mga alaalang dumadalaw at bumibisita dahil wala tayong tunay na kapangyarihan upang pigilan ang dausdos at daloy ng mga ito – nakababad tayo at patúloy na binabanlawan sa anino ng mga kaisipang nakatakda at naitakda bago pa tayo isinilang sa kabihasnang ginagalawan.

## Alaala ng/sa Kaisipan: Espasyo ng Memorya at Talisikan sa Nobela

Sa mahabang kasaysayan ng kaisipan, matibay nang nailuklok na ang konsepto ng alaala at ang konsepto ng sarili ay matalik na magkatambal. Ayon sa isang pilosopo, "what makes me today the very same person as I was yesterday, is, basically, the fact that I can now remember what I did or experienced yesterday" (Locke 36). Para kay Locke, alaala ang nagdidikta ng ka-ako-han ng ako, at ang ka-sarili-nan ng sarili na hiwalay at may kaibahan sa susunod na tao. Subalit, kung mas lalapitan ang balangkas na ito ni Locke, makikita ang problematikong argumento dito: kung wala akong maalala,

hindi ito nangyari at hindi ito naging totoo. Tignan natin ang pansariling karanasan. Maraming bahagi ng ating búhay ang hindi na natin maalala nang malinaw. Mayroon na itong kalabuan dahil sa panahong nagdaan. Ngunit hindi ibig sabihin na hindi ito nangyari. Maaaring may katotohanan sa argumentong ito subalit nais kong tutukan ang diskusyon ni Locke tungkol sa tao at pagkatao upang itulay sa diskusyon ng alaala at kaisipan. Ang tao, ayon kay Locke, "is a thinking intelligent being, that has reason and reflection, and can consider itself as itself, the same thinking thing in different times and places, which it does through only by that consciousness which is inseparable from thinking, and as seems to me essential to it" (39). Kung ihahanay ito sa mga salita ni René Descartes ("I think, therefore I am"), puwedeng sabihin na sadyang iniliban ni Locke ang sarili – na ang gawain ng sarili ang binigyang tuon kumpara sa ka-sarili-nan ng sarili. Mahalaga ang mga usapin ng sarili, alaala, katangian ng tao (pagkatao at pagiging makatao) sa susunod na bahagi ng aking sanaysay.

Tatangkain kong tahiin ang kahalagahan ng konsepto ng alaala upang ilarawan at ihayag ang tambalang pilosopiya't panitikan sa susunod na bahagi ng sanaysay. Sa pag-uusap ukol sa alaala, panahon, at espasyo, posible nga bang maarok ang tagpuan ng kaisipan at panitikan? Paano inihahain ng iba't ibang elemento sa nobela ang talisik ng pilosopiya? Paano inihahanda ng kaisipa't pilosopiya ang mas malalim at mas matalas na pagkakaintindi sa nobela upang ilapit at ilapat tayo sa literatura? Paano ginagamit ng panitikan ang wika ng pilosopiya? Paano ginagamit ng pilosopiya ang wika ng panitikan?

Nais kong simulan ang talakayan na nag-uugat sa konsepto ng sarili: ang paglulugar ng sarili ayon sa kaisipan, at ang pagpopook ng sarili sa mismong gumaganang kaisipan sa tulong ng ilang talata mula sa nobela. Ayon kay Roquentin: "Nothing has changed and yet everything is different. I can't describe it; it's like the Nausea and yet it's just the opposite: at last an adventure happens to me and when I question myself I see that it happens *that I am myself and that I am here*; I am the one who splits the night, I am as happy as the hero of the novel" (54). Sa bahaging ito, winika niya mismo ang isa sa pinoproblema ng sanaysay na ito – ang tagpuan ng pilosopiya at panitikan bìlang kaakibat upang paglinangin ang kaisipan ng sarili. Ang nobela ay isang halimbawa ng pakikipag-tagisan at pakikipagsapalaran ng sarili at ng alaala: sa wika, ng wika, at para sa wika. Tinatanggap ng sarili ang hindi maipaliwanag na kaguluhan. Ang alam lámang ng sarili ay nararamdaman ito

at nananatiling bumabagabag at umaaligid. Tulad ng nasabi sa unang bahagi ng sanaysay, kumakapit si Roquentin sa danas at lakbay upang masukat ang pagiging buháy. May kapanatagan siyang nararamdaman nang wikain niyang kilalá niya ang kaniyang sarili at alam niya ang kaniyang kinalalagyan. Sa usaping ito, hindi lámang ang literal na kinalalagyan ang usapin: marahil ay kontento siya sa antas ng kaniyang kaalaman sa kaniyang pag-iral. Kung tutuusin, ang pag-iral ay nasusukat lang din sa kakayahang maarok ito ng kaisipan. Tiyak niyang sinabi dito ang pagiging bayani o bida sa isang nobela. Sa puntong ito, tanggap niya ang kaniyang kasarilinan at kasarinlan.

Sa unang bahagi ng sanaysay, tinalakay kung paano sinabi ni Roquentin na ang tanging adhikain na lámang ng kaniyang búhay ay ang sinusulat niyang libro tungkol sa Marquis de Rollebon. Subalit nilabanan at pinabulaanan rin niya ito agad: "I do not need to make phrases I write to bring certain circumstances to light. Beware of literature, I must follow the pen, without looking for words" (56). Kung panitik ang tanging lunsaran ni Roquentin ng kaniyang pag-iral, mulát at málay pa rin siya sa kahalagahan ng matalas na pagsipat ng literaturang sinusulat. Para sa kaniya, ang hantungang kalagayan ng mga bágay at mga pangyayari ay nakapaloob at nakapalibot sa kaisipan – ano ang ating kinasasadlakan sa tuwing nagtatagpo ang kaisipan at panitikan, kaisipan ng panitikan, at panitikan (o wikaan) ng kaisipan? Hinihimok táyong mas maging mapagmatiyag sa dikta ng literatura. Gaano kalaking bahagi ng panitikan ang gáling sa alaala? Gaano kalaking bahagi ng kaisipan ang gáling sa alaala? Madaling sabihin na ang alaala ay sarili at ang sarili ay ang koleksyon lámang ng mga alaala. Ang ganitong argumento ay pinabulaanan ni Locke:

> Once you think that having or being a self is nothing but being a creature with the capacity to have I thoughts and to form, on the basis of that capacity, self- conceptions, you immediately begin to notice that self-conceptions are, actually, interesting things. First, there's no guarantee that our self-conceptions match the facts about us. I mean for all I have said so far, our self-conceptions can be completely or at least partly the result of confabulations and self-deceptions. Who am I then, really? It turns out that our self-conceptions are remarkable fragile things – as fragile as memory itself. (40)

Sa usapin ng alaala (at kaisipan ng alaala), isang katanungan ang patúloy na bumabagabag sa akin – ano ba ang tunay na adhikain ng mga alaala: ang punan ang patlang, o ang limasín ang nananatiling walang kabuluhan? Kadalasan, ang payak na pag-unawa natin sa alaala ay ang mga bágay na pumupunó sa isang hungkag na lugar, sa antas na literal man ito o sa antas ng talinghaga. Sa aking pakiwari, dinadagdagan natin ang karanasan upang makagawa ng mga alaalang mapupunan ang mga puwang na espasyo ng kaisipan. Subalit nais kong siyasatin ang espasyo ng kawalan. Para sa akin, patúloy (at walang-hanggan) ang proseso ng paglawak at paglawig ng kawalan at dito nanggagaling ang kagustuhan nating gumawa ng mga alaala sa pamamagitan ng mga karanasan.

Subalit minsan, naliligaw at nawawala ang mga alaala. Tulad na lámang ng karanasan ni Roquentin: "I try to refresh my memory: I need to feel all the tenderness that Anny inspires; it is there, this tenderness, it is near me, only asking to be born. But the smile does not return: it is finished. I remain dry and empty" (63). May saysay ba ang nakaraan, ang kasaysayan, kung sarili mismo ang nagbubura ng saysay ng pansariling kasaysayan? Ang pagkawala at pagwawala, ang paghulagpos mula sa alaala at sapilitang pagkaligáw nitong mga alaala ang tumutulak sa sarili upang balikán ang kaisipan. Kinakailángang higpitan at luwagan ang dikta ng alaala upang hindi ito mauwi sa isang anyo ng pagbuburda ng alalá. May bitbit na lambing at pagsuyo ang alaala, subalit lagi't laging mas nanaisin natin ang may anyong katawan – nahahawakan, nayayakap, at nahahagkan. Alaala ang isa sa mga bágay na hinding-hindi mahihipo subalit ang tiyak ang kinaroroonan: ito ay nananatili at tuluyang mananatili. Maaari itong tabunan, ngunit lilitaw at lilitaw pa rin. Marahil ay maihahalintulad ang ilang alaala sa nasâ: patúloy itong hahabulin hanggang maangkin. Ang tanging kaibahan lang ay kadalasan, ang mga nasâ ay hindi makakamit at mananatiling nasâ ito dahil mismo sa antas nitong hindi makakamtan. Samantalang ang alaala ay nabubuo dahil ang mga ito ay naranasan mismo. Kahit punung-puno ang sarili ng mga alaala at karanasan, may mga pagkakataóng mananaig ang panamdam ng kawalan: ang espasyong walang kabuluhan.

Isa sa mga tumatak na kataga sa akin na sinambit ng Self-Taught Man ay patungkol sa panitik at wika: "We are separated by words" (122). Kung tutuusin, posibleng dalawang anyo ng salita ang tinutumbok niya dito – sa panunulat at pananalita. Ang unang intindi natin sa salita (na bumubuo sa mga pangungusap, mga saknong, mga taludtod, at kaisipan) ay

ang kasangkapan upang magkaintindihan. Subalit ayon sa Self-Taught Man, ang salita mismo ang humaharang, nagtitiwalag, at at naghihiwalay sa sarili mula sa iba – nagbubukod, at hindi nagbubuklod. Ang panitik nga ba ng kaisipan ang pumipigil sa pakikipag-isa? Hindi lámang ang pakikipag-isa sa pamayanan at sa iba, ngunit ang pakikipag-isa sa sarili. Dagdag pa rito ang kaisipan ng alibadbad: "So this is Nausea: this blinding evidence? I have scratched my head over it! I've written about it. Now I know: I exist – the world exists – and I know that the world exists" (122). Marahil ay nagdudulot ng alibadbad ang konsepto ng pag-iral. Ang wika na nagiging katibayan ng pag-iral ang mismong dahilan upang maduwal at iduwal ng sarili ang sariling pag-iral. Kayâ rin siguro mayroon tayong tákot sa kasalukuyang pag-iral dahil hinahanapan natin ng saysay ang panghabang-buhay na kasalukuyang ating ginagalawan. Ang wala sa kasalukuyan ay hindi maaaring maging totoo: "The true nature of the present revealed itself: it was what exists, and all that was not present did not exist. The past did not exist. Not at all. Not in things, not even in my thoughts" (95-96). Kung iisipin, táyo ay namumuhay, lagi't lagi, sa nakaraan. Sa oras na bigkasin o sulátin ang isang bágay sa kasalukuyan ay kaagad na itong nakalipas. Hindi ba't ang lahat ay bakas lámang ng nakaraan? Subalit kung pati ang nakaraan ay walang katotohanan, ano ang matitirá sa atin? Ito na nga ba ang tunay na alibadbad: ang katunayang wala naman talagang matitirá para sa atin? Marami pa ang maaaring masabi tungkol sa panitikan, kaisipan, teorya, at alaala na nasambit sa nobela. Kúlang ang sanaysay na ito upang talakayin ang lahat ng interseksyon nito. Marahil ang sanaysay na ito ay panimula lámang tungkol sa mas malalim pang pagsisiyasat sa konsepto ng espasyo, pagpopook, alaala, at kung paano pinapaandar ng kaisipan at panitikan ang mga ideyang ito.

## Lugar ng Alaala sa Pangmalawakang Alibadbad ng Pilipinas

Ang kasalukuyang sitwasyon sa Pilipinas, partikular sa Metro Manila, maging sa mga bahagi nito kung saan nainirahan ang mga komunidad ng lumad, ay isang malawak at masalimuot na diskurso patungkol sa alibadbad, alaala, at alala na maikukumpara sa mga puntong tinalakay at inusisa sa nobela ni Jean Paul Sartre. Mayroon tayong kasabihan na isa sa pinakatumatak na ugali ng mga Pilipino ay ito: madali tayong makalimot. Kung tutuusin, maaari nitong dalumatin ang dalawang mistulang magkasalungat na perspektibo: sa isang banda, masasabing isang magandang katangian ito ng ating pagiging Pilipino dahil umiiwas tayo sa pagtatanim ng galit o sama ng loob, at

hinahayaan na lamang natin ang mga pangyayaring ito. Mas nanaisin natin ang 'magpatawad' (o kalimutan ang mga pangyayari), marahil sa kadahilanang turo din ito ng simbahang Katolika. Ngunit, sa kabilang banda, mapanganib na katangian ito dahil sa maraming pagkakataon, nakakalimot din tayong matuto mula sa mga masasamang karanasan. Nagkakaroon ng malawakang 'amnesia' tungkol sa mga naranasang karahasan, pati na rin ang mga anyo ng pandarahas na araw-araw dinaranas subalit pinipili na lamang isiping natural ang mga ito.

Sa usaping ito, mahalagang siyasatin ang interseksyon ng tatlong importanteng mga konsepto: karahasan, alaala, at troma (trauma). Ang pangunahing problema na tumatahi sa tatlong konseptong ito ay ang moda o estilo ng pangdadahas na nanggagaling mismo sa estado at kung paano nito naaapektuhan ang buhay ng mga mamamayan. Gaya ng sinabi ko sa naunang talata, hindi bago ang ganitong mga pangyayari sa ating bansa. Isang halimbawa na marahil ay ang programang "War on Drugs" ni Presidente Rodrigo Duterte kung saan ang pangunahing biktima lamang ay ang mahihirap. Sa pamamagitan ng karahasan, iginigiit ng rehimeng Duterte ang sapilitang pagpuksa sa droga, subalit ang mga 'maliliit' na mamamayan lamang ang sinusupil. Hindi dumadaan sa tamang proseso ang hustisya. Nakasadlak ang hustisya sa pulisya na walang habas at walang malasakit. Alaala na lamang ang nananatili sa libu-libong mga pamilyang saksi sa karahasang sinapit. Masasabing troma ang hatid nito sa dalawang magkaiba, ngunit magkalapit na kadahilanan: ang mapait na alaalang iniwan ng nasawi sa kaniyang mga mahal sa buhay, at ang alaalang iniwan na kaakibat ng pagmamalabis ng estado at pamahalaang ang unang responsibilidad ay dapat ang kaligtasan ng lahat ng mamayan.

Nakapaloob sa naratibo ng karahasan ang pag-aalaala, at pag-aalala. Kadalasan, ang diskurso ng alaala ay iniipit (at umiipit) sa natural na pulitika nito. Halimbawa na lamang ay ang paggamit sa alaala upang bigyang dahilan ang karahasan. Nagiging instrumento ang alaala upang ipagpatuloy ang karahasang isinasagawa sa mga mahihirap: ang alalahanin ang kapahamakang dulot ng droga. Sa ganitong propaganda, nawawalan ng kapasidad maging kritikal ang mga mamamayang malayo sa sentro ng karahasan. Kinakasangkapan ang alaala upang tandaan (ng mga 'malilinis' at ligtas na mamamayan) na ang kalupitan at lubos na karahasang sinapit ng mga gumagamit ng mga pinagbabawal na droga ay nararapat nilang pagdusahan. Ang alibadbad ay may taglay na kapangyarihang itulak tayo

mula sa ating kaginhawahan. Subalit, may mga pagkakataong ang alibadbad mismo ang magtutulak sa tao upang mawalan ng ganang maging kritikal. Marahil, isang dahilan dito ay ang tahasang pagsuko sa realidad o kaisipang wala nang magagawa sa dahas na nararanasan araw-araw. Sumusuko ang ating kaisipan at tinatanggap na lamang ang kalagayan ng karahasan. Sa ganitong anggulo ng usapin papasok ang konsepto ng pagkamanhid. Nagiging natural na lamang ba ang pagpaslang at nagsasawalang-kibo tayo dahil mas nanaisin nating hindi maramdaman o talikuran ang alibadbad? Na sa dami ng karahasan at pang-aalipustang dinaranas natin at pinili na nating maging manhid dito? Ang tanging paraan upang magamit nang wasto ang alibadbad ay tungo sa pangmawalakang kilos. Ito lamang ang natatanging paraan upang maisuka ang karamdaman ng alibadbad.

Sa huli, hindi ba dapat makapangyarihang salik ang pagkaalibadbad sa mga karanasan natin sa siyudad na pilit pinapa-ikot o sinusupil ang tunay na alaala? Wagas at sobra-sobra na ang pananamantala sa ating kalagayan ng estado at pamahalaan. Sa ganitong paraan, inaantala ang pansarili at pambansang kapakanan. Ito ang anyo ng alibadbad na sana ay ginagamit natin upang makamit ang malawakang pagkilos o reporma. Hindi bago sa kasaysayan ang gawing kasangkapan ang alaala upang magbunga ng mabisang kilusan para sa tinatamasang pag-unlad, hindi lamang sa mga naghaharing-uri, ngunit ang pag-unlad ng lahat ng mamamayan. Maraming posibilidad ang handog ng tamang pagbabalangkas ng alaala, at para sa akin, sapat at hinog na ang ating mga karanasan sa paghihirap upang maglunsad ng malawakang pagkilos kontra pagbubura at pagmamanipula ng pambansang kasaysayan – ang pambansang alaala.

Naaagnas ang katawan, ngunit ang katawang kinatawan ng wika, kinatawan sa panitik at panitikan, ay magpupumilit at mananatili. Nabubulok din ba ang wika kasabay ng unti-unting pagkaka-agnas ng utak at katawan, mga kinatawan ng karanasan? Hanggang kailan may kapangyarihang manatili ang kaisipan – ang lahat ay kasaysayang sinalaysay na may saysay, at ang panitik ng kaisipan ay isang anyo ng salaysay na patúloy kinakatha ang iba't ibang pamamaraan kung paano dumadaloy, gumagalaw, umiindayog, at sumasayaw sa balangkas ng utak at saliw ng bawat saknong, taludtod, at pangungusap. Patúloy ang ragasa at daluyong ng alalá at alaala, walang-hanggang bugso ng kirot, sakít, at pait; hinahagkan ang bawat pag-gising nang buong higpit. Hindi ito huhupa, hindi rin ito titigil – sa paanong paraan natin hahalughugin ang kakayahang sagipin ang sariling tumututol at

binabali ang sanghî? Pagmasdan ang sigwa ng memorya at nakaraan; harapin ito nang buong tapang dahil patúloy ang panunubos ng danas, ang pangamba at siyasat ng dahas, at tanging sa tugunang alaala lámang natin matutuklasan ang ginhawa't kaparusahan – kapuwa hinihilom, humihilom.

## Talasanggunian


Bachelard, Gaston. *The Poetics of Space*. University Press of France, 1957.

Campbell, John. "The Structure of Time in Autobiographical Memory." *European Journal of Philosophy*, vol. 5, 1997, pp. 105-118.

Locke, John. "An Essay Concerning Human Understanding." Perry, John. *Personal Identity*. University of California Press, 2008.

Sartre, Jean-Paul. *Nausea*. Editions Gallimard, 1938.